

Huwag Sunugin ang Dayami Ibalik sa Sakahan o Gawing Kompos

Ang dayami ng 1 ektaryang palayan (5 tonelada ng dayami) kapag nakompos ay katumbas ng:

30-50 Kg N = 1 sako Urea

7-10 Kg P = 1 sako 14-14-14

50-60 Kg K = 2 sako Muriate of Potash

Makabagong paraan ng paggawa ng kompos mula sa dayami (Modified Rapid Composting)

Pang karaniwang ginagawa ang kompos sa loob ng tatlo (3) hanggang apat (4) na buwan subalit sa tulong ng trichoderma, ang kompos ay maari nang gawin sa loob lamang ng 4 na linggo.

Ano ang Trichoderma?

Ang Trichoderma ay isang uri ng fungus at kilala rin sa tawag na Compost Fungus Activator (CFA). Ito ay pure culture na pinapatubo sa agar-oatmeal, Potato Dextrose Agar (PDA), Pulvorized Corngrits mediums na kasing bisa ng powder form.

Sa tamang moisture content, mabisa at malaki ang maitutulong nito sa pagpapabilis ng dekomposisyon o pagkabulok ng tinatawag na lignocellulose material katulad ng dayami, busal (corn cob) at tangkay ng mais, sapal ng tubo, damo, tuyong dahon, tira-tirang pagkain at dumi ng kalabaw, baka o kambing. Ihalo ang 2 pakete ng 1 trichoderma sa 200 litro ng tubig (1 drum) para sa 1 ektarya.



Source: PhilRice

Paraan ng mabilisan na pagbubulok ng dayami bilang organikong pataba mula sa dayami.

Mga gamit na kailangan:

- dayami (rice straw)
- tuyong dumi ng kalabaw, baka o kambing
- trichoderma

Simulan ang paghahanda ng Rapid Composting, isa at kalahating buwan bago magtanim.

1. Ikalat ang mga dayami sa mga pinitak. Siguraduhing nakadapa ang mga pinag-gapasan. Padaanan ng handtractor ang mga dayami upang mapatag at matiyak na nakababad ito sa tubig kapag pinatubigan.
2. Padaluyin ang tubig hanggang mapuno ang pinitak at hayaang mababad ang dayami ng 12 oras. Siguraduhing sarado ang mga daanan ng tubig.
3. Kada ektarya, magsabog ng 250 kgs na tuyong dumi ng hayop (kalabaw, baka o kambing).
4. Inirerekomenda ang paggamit ng dalawampung (20) pakete ng Trichoderma kada isang ektarya. Idilig ang kinanaw na Trichoderma (Compost Fungus Activator or CFA) sa buong pinitak na may binasang dayami.
5. Matyagan ang kalagayan ng dayami tuwing ikalawang araw. Kung kailangan, padaluyan muli ang tubig mula sa irigasyon.
6. Tiyakin lang na nakababad ang mga dayami upang mapabilis ang pagkabulok.
7. Pagkaraan ng apat (4) na linggo, bulok na ang mga dayami. Handa na ang kompos. Maaari nang simulan ang pag-aararo.

Pangmatagalang pakinabang sa paggamit ng dayami o kompos

1. Pinatataba ang lupa.
2. Pinagaganda ang texture at bungkal (tilth) ng lupa.
3. Pinabubuti ang daloy ng hangin at kapasidad na humawak ng tubig (water-holding capacity)
4. Napipigil ang pag-asim at alkalinidad ng lupa.
5. Walang polusyon na ibinibigay sa kapaligiran, tao, hayop at halaman (no pathogenic effect).
6. Taas ng kakayahan ng magsasaka na umasa sa sarili (increase self-reliance).

Muling ipinalimbag ng:



Department of Agriculture
Regional Field Office MiMaRoPa
Regional Agriculture and Fisheries Information Section (RAFIS)
3rd Floor, ATI Bldg, Elliptical Road
Diliman, Quezon City
Tel. No.: 920-20-44
Email: rafisda4b@gmail.com